Pangalan: ______________________________ Iskor: ______________

Pangkat: _______________

# FILIPINO 5

Unang Lagumang Pagsusulit

**Luisiana: Little Baguio ng Laguna**

Miyerkoles noon, malamig na simoy ng hangin ang bumati sa akin. Nakasakay kami ng aking mga magulang sa pampasaherong dyip patungo sa isang baryo na kung tawagin ay "Little Baguio." Ito ang lugar kung saan nakita ko ang simpleng pamumuhay ng mga taong may sipag at may mumunting pangarap. Dito, sila ay nagtatanim ng mga halamang gulay at ang mga hayop gaya ng kalabaw at baka ay malayang nakagagala sa paligid. Sariwang isda naman ang nananahan sa malilinis na ilog.

Dito ko nakilala si Carl, isang batang kasing-edad ko rin. Magkaibigan ang aming mga magulang. Pareho kaming nasa ikalimang baiting. Pangarap ni Carl na makatapos ng elementarya at makapag-aral sa isang paaralang pansekondarya sa bayan, bagama't mayroon ding mataas na paaralan sa Little Baguio.

Ito ang baryo na ang hanging umiihip sa bawat minuto ng bawat oras ay tila ba hangin ng Pasko.

Naalala ko pa nang magkakilala kami ni Carl.

**JJ:** Kamusta ka? JJ ang pangalan ko. Ikaw?
**CARL**: Mabuti naman. Ako naman si Carl.
**JJ**: Ang sarap ng hangin dito sa lugar na ito, sariwa at malamig.
**CARL**: Little Baguio ang tawag naming sa lugar na ito.
**JJ**: Sabi ko nga sa Tatay at Nanay ko, gusto kong manatili na lamang kami rito.
**CARL**: Paano ang pag-aaral mo sa bayan?
**JJ**: Lilipat na lamang ako rito sa Paaralang Elementarya ng San Buenaventura.
**CARL**: Aba, mabuti kung gaano. Sana maging kamag-aral kita.
**JJ**: Sana nga, maraming Salamat, Carl.

**I. Sagutin ang sumusunod na tanong batay sa binasang kwento. Isulat ang iyong sagot sa ibaba.**

1. Ano-ano ang makikita sa Little Baguio? ____________________________________________

_______________________________________________________________

2. Sino ang nagkukwento sa akda? _______________

3. Sino ang bagong kaibigan ni JJ? _______________

4. Sann patungo si JJ? _________________________

5. Bakit nasabi ng awtor ang pahayag na "Ito ang baryon a ang hanging umiihip sa bawat minute ng bawat oras ay tila ba hangain ng Pasko"?

___________________________________________________

_______________________________________________________________

**II. Basahin ang mga tanong. Piliin ang tamang sagot sa bawat sitwasyon. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.**

1. Nabasag mo ang plorera na nasa mesa ng iyong guro habang ikaw ay naglilinis. Ano ang dapat mong gawin?

   a. Itago ang nabasag na plorera. c. Sabihin sa guro ang totoo.

   b. Umuwi sa bahay at magtago. d. Sabihing ang kaklase mo ang nakabasag.

2. Mabait at mayaman si Ana. Gusto mo siyang maging kaibigan. Paano mo ito gagawin?

   a. Magpanggap na mayaman. c. Magpakabait kapag kasama si Ana.

   b. Magpakabait at sikaping yumaman. d. Magpakabait at magpakatotoo.

3. Nakita mong kinuha ni Pedro ang laruan ni Tita. Itinago niya ito sa kanyang bag. Umiiyak na naghahanap si Tita ng nalaman niya ito. Ano ang nararapat mong gawin?

a. Pagtakpan ang ginawa ni Pedro. c. Sabihin kay Pedro na ibalik ang laruan.

b. Bigyan ng bagong laruan si Tita. d. Pag-awayin ang dalawa.

4. Nagkakawanggawa ang simbahang iyong kinabibilangan. Habang namimigay kayo ng tulong, napansin mong may mga taong hindi ninyo kasama sa pananampalataya na pumipila. Ano ang dapat mong gawin?

a. Paalisin sila. c. Bigyan pa rin sila ng tulong.

b. Hikayating lumipat sila sa inyong simbahang kinabibilangan. d. Hindi sila pansinin.

5. Paano ka makakatulong sa iyong kaklaseng mabagal bumasa?

a. Kutyain sila.

b. Ipaalam sa buong paaralan ang kanilang kahinaan.

c. Hikayating magbasa ang iyong kaklase at tulungan sa kanilang kahinaan.

d. Hikayatin silang lumipat sa ibang paaralan.

**III. Gamitin sa pangungusap ang bawat pangngalan na tumutukoy sa ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, at pangyayari.**

| Tao | Bagay | Lugar | Hayop | Pangyayari |
|---|---|---|---|---|
| Jenny | singsing | Tayabas City | aso | piyesta |

1. ______________________________________________.

2. ______________________________________________.

3. ______________________________________________.

4. ______________________________________________.

5. ______________________________________________.

**IV. Basahin ang sumusunod na saknong. Tukuyin at bilugan ang mga panghalip na ginamit dito.**

Ipinagmalaki sa probinsya ng Laguna
ang munti ngunit masaganang bayan ng Luisiana,
Kung saan matatagpuan ninyo ang panda na nilala,
ginawang banig, sombrero, at bayong upang ibenta.

Kung higit pa dito ang iyong nais na makita
halina't dayuhin mo ang San Buenaventura,
Luya, kamote, kamatis, sayote, at ampalaya

ilan lamang sa mga gulay na kalakal nila.

Lagda ng Magulang

Petsa